

ESP 3
2nd SUMMATIVE TEST
1st Quarter

Name: _____

Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap na nasa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa gawain, ekis (×) naman kung hindi.

____ 1. Masaya ako sa tuwing naghuhugas ng pinggan.

____ 2. Sa tuwing ako ay gumuguhit pinagsisikapan kong makagawa ng isang maganda at makulay na gawa.

____ 3. Nababagot ako sa tuwing nagbabasa ako ng libro.

____ 4. Bakit kaya ako naiinis sa tuwing inuutusan ako ni nanay?

____ 5. Gustong-gusto kong tumutulong sa mga gawaing-bahay tuwing walang pasok.

____ 6. Tinatamad akong maglinis ng aking silid.

____ 7. Tuwing gabi ginaganahan akong mag-aral ng aming leksiyon bilang paghahanda ng aking sariling kinabukasan.

____ 8. Hindi ako tumutulong sa aking kagrupong sa paglilinis ng aming silid-aralan.

____ 9. Matamlay ako sa tuwing ginagawa ko ang aming mga asignatura.

____ 10. Magsisikap ako sa pag-aaral upang magkaroon ng matataas na marka.

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang.

- ____ 1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng katatagan ng kalooban?
- a. Pagtakas sa mga gawaing-bahay
 - b. Pagsisinungaling sa mga magulang
 - c. Pagiging positibo sa pagharap sa mga problema

d. Paghahamon ng away sa kaklase kapag inuunahan sa mga gawain

____2. Si Allan ay bagong lipat sa paaralang kaniyang pinapasukan. Isang araw, tinutukso siya ng kaniyang mga kaklase. Ano ang nararapat niyang gawin?

- a. Lumipat ng ibang paaralan
- b. Sabihin sa guro ang ginagawang panunukso
- c. Huwag kikibuin dahil mapapagod din sila sa panunukso
- d. Hahamunin ng suntukan ang mga kaklaseng nanunukso

____3. Ang batang may matatag na kalooban ay:

- a. May tiwala sa sarili
- b. Nag-iisip muna bago gumawa ng anumang aksiyon
- c. May pagpipigil sa sarili upang huwag makapanakit ng iba
- d. Lahat ng nabanggit

____4. Sumali ka sa patimpalak sa pag-awit sa inyong paaralan ngunit pumiyok ang iyong boses sa gitna ng kompetisyon kaya ikaw ay natalo. Paano mo ipapakita ang katatagan ng loob?

- a. Huwag pumasok sa klase dahil sa kantiyaw
- b. Hindi na kailanman sasali sa mga patimpalak
- c. Magkulong sa kwarto buong araw dahil sa kahihyan
- d. Muling mag-ensayo upang maging handa sa susunod na patimpalak

____5. Hindi pinagbigyan ni Annie ang kaniyang kaibigan na mangopya sa kaniya sa pagsusulit. Nanindigan si Annie na mali ito. Anong katangian ni Annie ang nagpakita ng katatagan ng kalooban?

- a. Tiwala sa sarili
- b. Pagpipigil sa sarili
- c. Pagiging positibo
- d. Pag-iisip bago gumawa ng aksiyon

KEY:

1. ✓
2. ✓
3. X
4. X
5. ✓
6. X
7. ✓
8. X
9. X
10. ✓

1. C
2. B
3. D
4. D
5. B